暴風警報等発令時における対応についてタガログ語版

Para sa mga magulang

Kameyama Junior High School
Principal. Okada Kenji

# MGA HAKBANG NA DAPAT GAWIN SAKALING MAGKAROON NG BABALA SA BAGYO, ATBP.

Hinihiling namin ang iyong pang-unawa at kooperasyon sa usaping gaya ng mga sumusunod. Pakitandaan na ang impormasyon ng panahon na iniulat sa TV, radyo, atbp. ay bukod pa sa impormasyon na ibinibigay ng munisipyo.

## 1. Kapag naglabas ng *Storm Warning* o *Special Warning* at iba pang katulad na babala sa Lungsod ng Kameyama.

Ang mga warning na sakop ay ang Storm Warning, Blizzard Warning, Special Storm Warning, at Special Blizzard Warning. Kasama rin dito ang mga Level 5 warning tulad ng Heavy Rain Special Warning, Heavy Snow Special Warning, River Flooding Special Warning, at Landslide Disaster Special Warning, pati na rin ang mga Level 4 warning gaya ng Heavy Rain Danger Warning, River Flooding Danger Warning, at Landslide Disaster Danger Warning.

**※ Ang "Level 5" ay katumbas ng *Emergency Safety Assurance*, samantalang ang "Level 4" ay katumbas ng *Evacuation Order*. Hindi lamang ang pagtugon ng paaralan ang dapat isaalang-alang; dapat ding pag-isipan ang paglipat sa isang ligtas na lugar gaya ng evacuation center. Mangyaring unahin ang kaligtasan at kumilos nang naaayon.**

【Kung i-anunsyo bago mag 6:30 am】

| Lagay ng inanunsyo na babala | Pagtugon sa klase at mag-aaral |
|---|---|
| (1) Kapag ang babala ay kinansela ng 6:30 am. | Mayroong regular na klase. |
| (2) Kapag ang warning ay inanunsyo ng 6:30 am | Huwag pumasok, manatili sa bahay. |
| (3) Kapag ang babala ay kinansela sa pagitan ng 6:30~11:00 am | May klase sa hapon, kumain ng lunch at pumasko ng 12:45～13:00 at magsisimula ang klase ng 13:15 mula 5th period pataas. |
| (4) Kapag ang babala ay hindi nakansela hanggang lagpas 11:00 am | Walang klase. |

**【Kung sakaling i-anunsyo ang babala ng lagpas 6:30 am】**

| Lagay ng ina-nunsyo na babala | Pagtugon sa klase at mag-aaral |
|---|---|
| (1) Kapag ina-nunsyo ang babala papasok o habang papunta sa paaralan. | Bilang rule, mag stay sa bahay, kung sakaling papunta na sa paaralan, pumunta kung saan malapit, sa bahay o paaralan. |
| (2) Kapag ina-nunsyo habang nasa paaralan | Kakanselahin ang klase at pauuwiin ang mga mag-aaral kapag natiyak na ligtas ang dadaanan pauwi. Kung delikado para sa mag-aaral ang umuwi, mananatili sila sa ligtas na lugar gaya ng paaralan at iba pa at tatawagan ang mga magulang. |
| (3) Kapag ang babala ay kinansela sa pagitan ng 6:30～11:00 am | May klase sa hapon, kumain ng lunch sa bahay at pumasok ng 12:45～13:00 at magsisimula ang klase ng 13:15 mula 5th period pataas. |
| (4) Kapag ang babala ay hindi nakansela hanggang lagpas 11:00 am | Walang klase. |

**2. Para sa iba pang babala, anunsyo.....**Bilang pangunahing rule. Isasagawa ang klase.

**3. Kapag may panganib o hadlang sa pagpasok sa paaralan dahil sa pinsala mula sa isang sakuna, atbp. (Pagguho ng lupa, baha o gumuhong tulay, naabala ang transportasyon, atbp.)**

Ang mag-aaral ay mananatili sa bahay, Ipaalam sa paaralan na hindi makakapasok ang pagliban ay ituturing na (suspension of attendance)

Ang nasa itaas ay ang pangkalahatang tuntunin, ngunit maaaring mabago depende sa lagay ng panahon o mga sitwasyon ng sakuna (hal., walang babala na inilabas, ngunit hinuhulaan ang isang bagyo o iba pang lagay ng panahon ay lumala. （Sa ganitong mga kaso, ipapaalam namin sa inyo sa pamamagitan ng tsunagaru renraku system. Pakitandaan na kung ang mga regular class sa umaga ay hindi gagawin, o kung ang klase ay dismiss bago ang tanghalian dahil sa anunsyo ng babala, atbp., ang paaralan ay walang ihahandang school lunch. Pakitandaan na dahil sa sitwasyong pang-emergency na ito, walang gagawing refund para dito lunch. (Dahil na order na ang pagkain).